SAMPUNG PAALALA SA PAGHAHANAP NG TRABAHO SA BANSA

UPANG HINDI MABIKTIMA NG 'ILLEGAL RECRUITER'

01

Huwag makipag-ugnayan sa mga hindi awtorisadong ahensiya. Tiyaking kabilang ang pangalan ng "Recruitment Agency" sa listahan ng mga awtorisadong ahensya na matatagpuan sa www.ble.dole.gov.ph



02

Huwag basta-basta maniniwala sa mga nakasaad na "job vacancies" sa mga pulyeto na ipinamamahagi sa mga lansangan o idinidikit sa mga pader at poste

03

Huwag makipag-ugnayan sa mga kinatawan ng ahensiya maging ito ay lisensyado kung walang "Authority to Recruit" mula sa Department of Labor and Employment (DOLE)

04

Kung ang "recruitment" ay isinasagawa sa labas ng Metro Manila o sa mga lalawigan, tiyaking ang mga nagpapakilalang kinatawan ng ahensiya ay may "Authority to Recruit

05

Huwag basta-basta maniniwala sa mga pangako ng recruiter na matapos kayong pagbentahin ng iba't-ibang produkto ay may katumbas itong trabaho sa kanilang tanggapan

06

Huwag magbayad ng anumang "placement fee" o anumang kaukulang 'fees' sa sinumang hihingi nito sa inyo. Mahalagang malaman na walang anumang fee na dapat hingin mula sa aplikante

07

Huwag pumayag na bawasan ng Recruitment Agency o ng employer ang inyong sweldo bilang kabayaran sa kanilang pagpo-proseso ng inyong trabaho.

08

Huwag sumagot sa mga patalastas o anumang anunsiyo na hinihikayat kayong magpadala ng anumang halaga bilang kabayaran sa pagpo-prosesos ng papeles na may kinalaman sa inyong recruitment

09

Huwag basta-basta makipagugnayan sa mga pribadong "Training Center" na nangangako ng trabaho

10

Huwag makipag-ugnayan sa mga fixers. Ang anumang transaksiyon sa kanila ay hindi kikilalanin ng pamahalaan.

Department of Labor and Employment
Bureau of Local Employment
6th floor, BF Condominium, Solana corner, Soriano Sts., Intramuros, Manila
(632) 8 528 0083
www.ble.dole.gov.ph